


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

Salik sa Pag-usbong ng Nasyonalismo (Monopolyo sa Tabako)



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Salik sa Pag-usbong ng Nasyonalismo
(Monopolyo sa Tabako)

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Loida Ladres-Castaños, Jocelyn A. Arnaiz, Doreen L. Moca, Rodel A. Escolano, Marlon D. Lopez		
Editor:	Jaime Leon T. Cardona, Hilda D. Olvina, Ruth T. Poblete		
Tagasuri:	Emmanuel A. Gerardo, Evangeline A. Gorduiz, Ma. Morena A. Bendulo		
Tagaguhit:	Leonila Rhea R. Tolibas		
Tagalapat:	Nadir M. Beringuel; Paulina Crescini		
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma		
	Bebiano I. Sentillas		
	Rosemarie M. Guino	Joel A. Zartiga	
	Joy B. Bihag	Liza L. Demeterio	
	Ryan R. Tiu	Eduardo E. Legantin	
	Nova P. Jorge	Emmanuel A. Gerardo	
	Pedro T. Escobarte Jr.		

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

**Salik sa Pag-usbong ng
Nasyonalismo**

(Monopolyo sa Tabako)

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa loob ng mahabang panahon na pamamalagi ng mga Espanyol sa Pilipinas, maraming panukala ang kanilang inilunsad. Mayroon para sa paggawa, agrikultura, relihiyon at maging pangangalakal.

Pagkaraang masunod ang lahat ng gawain ay inaasahang magagawa mo na ang sumusunod:

- Naipapaliwanang ang mga salik na nagbigay daan sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino tulad ng reporma sa ekonomiya at pagtatag ng monopolyong tabako;
- Nakapaghahambing ng kabutihan at kasamaang dulot ng reporma sa ekonomiya at pagtatag ng monopolyong tabako; at
- Nabibigyang halaga ang reporma sa ekonomiya at pagtatag ng monopolyo sa tabako.



Subukin

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang sagot sa tanong mula sa Hanay A at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

HANAY A

- ____ 1.) Ano ang tawag sa programang pangkabuhayan na itinatag ni Gobernador-Heneral Jose Basco?
- ____ 2.) Sino ang bumalangkas sa mga patakarang pangkabuhayan na nakatuon sa pagsasariling ekonomiya ng Pilipinas?
- ____ 3.) Kailan itinatag ang patakarang pangkabuhayan na nakatuon sa pagsasariling ekonomiya ng Pilipinas?
- ____ 4.) Ano ang kauna-unahang institusyon sa panalapi sa Pilipinas?
- ____ 5.) Ano ang naunang tawag sa *Bank of the Philippine Islands*?
- ____ 6.) Ano ang dahilan ng pagpapatupad sa monopolyo sa tabako sa Pilipinas?

HANAY B

- A.) *Obras Pias*
- B.) *Banco Español-Filipino*
- C.) Gobernador-Heneral Jose Basco
- D.) *Sociedad Economica de Los Amigos*
- E.) Mayo 6, 1782
- F.) Magalat

- ____ 7.) Sino ang nagpatigil ang operasyon ng monopolyo sa tabako sa bansa.
- ____ 8.) Sino ang nanguna sa pag-aalsa noong 1596 sa Cagayan dahil sa hindi makatarungang pagbubuwis at pagmamalabis sa monopolyo sa tabako.?
- ____ 9.) Sino ang Gobernador-Heneral na nagpabuwag sa monopolyo sa tabako sa Lungsod ng Laoag noong 1788?
- ____ 10.) Sino ang namuno sa pag-aalsang nangyari sa Kalinga noong 1785 laban sa monopolyo sa tabako?
- G.) Pagkukunan ng karagdagang kita ng Espanya
- H.) Lagutao at Baladdon
- I.) 1882
- J.) Gobernador Primo de Rivera

Aralin

1

Monopolyo ng Tabako

Mahalagang matutuhan mo ang tungkol sa reporma sa ekonomiya at ang pagkakatatag ng monopolyo sa tabako sa ating bansa sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol.

Nais mo bang malaman ang halaga ng reporma sa ekonomiya at ng pagkatatag ng monopolyo sa tabako? Kung gayon, basahin at unawain mo ang kabuuan ng modyul na ito.



Balikan

Panuto: Punan ang patlang ng tamang salita na nasa loob ng kahon upang mabuo ang bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Monopolyo sa tabako	Sultan Kudarat	Jihad
Pangangayaw o <i>headhunting</i>	Muslim	Moro War

- 1.) Ang _____ ay ang tawag sa banal na digmaan ng mga Muslim.
- 2.) Ang _____ ay ang tradisyon ng pakikidigma at pamumugot ng mga katutubong tinawag ng mga Espanyol na Igorot.
- 3.) Ipinakita ng mga Muslim ang kanilang pagtanggì sa kolonyanismo ng Espanyol sa anim na digmaang tinatawag na _____.
- 4.) Si _____ ang sultan sa Mindanao na unang naglunsad ng banal na digmaan laban sa mga Espanyol.

- 5.) Sa ikatlong pagkakataon, tinangkang sakupin ng mga Espanyol ang mga katutubong pangkat sa Cordillera bilang bahagi ng patakarang pang-ekonomiya ni Gobernador-Heneral Jose Basco na tinawag na _____.



Mga Tala para sa Guro


Ang modyul na ito ay para sa ating mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong upang mas lalong maintindihan ang mga aralin sa panahong hindi sila nakadalo sa talakayan. Patnubay ng guro ay lubos na kailangan upang maihatid ang dunong na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maitawid ang pansariling kaunlaran at maging kapaki-pakinabang sa pamayanan.

Ang susunod na gawain ay taglay ang iba't ibang kasanayan at bagong kaalaman upang matulungan ang ating mga mag-aaral na mapaunlad ang sarili at maipamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Hayaan ang mag-aaral na gawin ang iba't ibang kasanayan na walang pagkaantala. Ipagawa ang mga gawain nang malaya, subalit ang mabisang pagdaloy ay kailangan.



Tuklasin



Ang pag-aalsa ay resulta sa isang mapang-abuso at hindi makatarungang pamamalakad. Paano kaya tumugon ang mga Pilipino sa mga pangyayari at pagbabago sa panahon ng kolonyalismo o pananakop ng mga Espanyol? Gaano kahalaga ang pagkamulat ng kamalayang pambansa ng mga Pilipino bunsod sa hamong kinaharap nila sa kamay ng mga mananakop? Ano ang naging epekto nito sa ating bansa?




Suriin

Monopolyo sa Tabako

Noong taong Mayo 6, 1782, si Gobernador-Heneral Jose Basco ay bumalangkas ng mga patakarang pangkabuhayan na nakatuon sa pagsasariling ekonomiya ng Pilipinas. Binigyang pansin niya ang pagpapaunlad ng pagsasaka, komersiyo, at pangangalakal bilang tugon ng pagpapaunlad kaya naitatag ang *Sociedad Economica de Los Amigos del Pais* para sa pagpapatupad ng kaniyang programang pangkabuhayan. Ang monopolyo sa tabako ay ipinatupad sa Pilipinas bilang pagkukunan ng karagdagang kita sa Espanya gayundin ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas.


Naging maganda ang layunin ng pamahalaan sa pagsisimula ng monopolyo sa tabako sa Pilipinas. Nabigyan ng karampatang kabayaran ang mga magsasaka sa kanilang ani, ngunit nang lumaon, naging pahirap na ito sa mga Pilipino. Nagdulot ito ng pang-aabuso ng mga Espanyol kaya ginawang bahagi ng programang ekonomiko ang produksiyon ng tabako sa pamumuno ni Gobernador-Heneral Jose Basco upang pagaanin ang sitwasyon ng monopolyo. Binigyang pagkakataon ang mga maliliit na mga magsasaka na siyang magtatanim ng tabako at ang maaani ay kokolektahin ng mga kolektor na nagsisilbing tagapamagitan sa mga transaksyon sa pagitan ng mga Espanyol at Pilipino. Subalit, ito ang naging daan upang abusuhin ang kapangyarihan ng mga Espanyol. Sumiklab ang mga pag-aalsa noong 1596 na pinangunahan ni Magalat sa Cagayan, 1785 sa pamumuno nila Lagutao at Baladdon ng Kalinga at sa Laoag noong 1788 laban sa hindi makatarungang pagbubuwis at pagmamalabis sa monopolyo sa tabako. Taong 1882 tuluyang ipinatigil ang operasyon ng monopolyo sa tabako sa panunugkulan ni Gobernador Primo de Rivera.



Pagyamanin

Panuto: Gamit ang *Venn Diagram*, isa-isahin ang mga kabutihan at kasamaang naidulot ng monopolyo ng tabako sa ating bansa. Piliin ang mga sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- Umabuso ang mga kolektor na Espanyol sa kanilang kapangyarihan.
- Nanguna ang Pilipinas sa pag-aani ng tabako sa buong Silangan.
- Binigyan ng pagkakataon ang mga maliliit na mga magsasaka na siyang magtatanim ng tabako at ang mag-aani nito.
- Hindi na nababayaran ng tama ang mga magsasakang Pilipino.
- Umusbong ang rebelyon.
- Nabigyan ng karampatang kabayaran ang mga magsasaka sa kanilang ani.





Isaisip

Ang sistema ng _____ ay itinatag upang paunlarin ang _____ ng bansa, subalit dahil sa pang-aabuso ng mga _____, ito rin ang naging dahilan ng pag-usbong ng iba't ibang uri ng rebelyon.



Isagawa

Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagpapahalaga sa reporma sa ekonomiya at pagkatatag ng monopolyo sa tabako. Isulat ang tamang bilang ng tamang sagot sa sagutang papel.

- 1** Pagbabayad ng mga Pilipino ng tamang buwis
- 2** Pagbibigay ng tamang kabayaran sa serbisyo ng mga Pilipino
- 3** Pangongolekta ng mga Pilipino ng kabayaran ng sobra-sobra
- 4** Pagbibigay ng tamang sahod sa mga manggagawang Pilipino
- 5** Pandaraya ng mga Espanyol sa mga Pilipino



Tayahin

A.) **Panuto:** Isulat ang tamang bilang ng pangungusap na nagpapakita ng pagpapahalaga sa reaksiyon ng mga katutubong Pilipino sa kolonyalismo ng bansa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Magkaroon ng pagkakaisa.
2. Mahinto ang ginawang pang-aabuso ng mga pinunong Espanyol.
3. Matigil ang pangangamkam ng mga lupain ng mga pinunong Espanyol.
4. Magpatuloy na alipin at sunod-sunoran ng mga Espanyol.
5. Pagsunod sa labis na pagbabayad ng buwis.

B.) **Panuto:** Isulat ang **MABUTI** kung ang pahayag ay nagpapakita ng kabutihang naidulot ng monopolyo sa tabako sa ating bansa at **MASAMA** kung ito ay hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- ____ 1.) Marami sa mga opisyal ng pamahalaan ang naging mapagsamantala.
- ____ 2.) Natustusan na ng kinikita sa monopolyo ng tabako ang pangangailangan ng kolonya at hindi na kailangan pang humingi ng suporta mula sa Espanya.
- ____ 3.) Malaking lupain din ang nalinang upang gawing taniman ng tabako.
- ____ 4.) Naging mapang-abuso ang ilang mga opisyal sa tuwing maghahalungkat sa mga bahay ng magsasaka na pinaghihinalaang nagtatago ng tabako.
- ____ 5.) Nanguna ang Pilipinas sa pag-aani ng tabako sa buong Silangan.



Karagdagang Gawain

Panuto: Piliin ang mga pahayag na nagpapakita ng pag-aabuso sa pagtatag ng monopolyo sa tabako. Iguhit ang *emoticon* na ito  bilang tanda. Isulat ito sa sagutang papel.

- _____ 1.) Hindi binibigyan ng tamang sahod ang mga manggagawang Pilipino.
- _____ 2.) Nagkaroon ng trabaho ang libu-libong mamamayan.

- _____ 3.) Inabuso ng mga pinunong namahala rito ang kanilang tungkulin.
- _____ 4.) Ang mga magsasakang nasisiraan ng pananim ay hindi lamang pinagmulta kundi binuwisan ang lupa.
- _____ 5.) Sa halip na mapunta sa pamahalaan ang salapi, napunta ito sa bulsa ng mga opisyal.



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1) D 2) C 3) E 4) A 5) B 6) G 7) I 8) F 9) J 10) H	Balikan 1) Jihad 2) Pangangayw o <i>headhunting</i> 3) Moro War 4) Sultan Kudarat 5) Monopolyo ng tabako	Isagawa 1 2 4	Tayahin A. 1 2 3 B. 1) Masama 2) Mabuti 3) Mabuti 4) Masama 5) Mabuti	Karagdagang Gawain  1.) 2.) 3.) 4.) 5.)
Subukin 1) D 2) C 3) E 4) A 5) B 6) G 7) I 8) F 9) J 10) H	Balikan 1) Jihad 2) Pangangayw o <i>headhunting</i> 3) Moro War 4) Sultan Kudarat 5) Monopolyo ng tabako		Pagymamanin <u>Kabutitang dulot</u> • Binigyang pagkakataon ang mga malilit na mga magsasaka na siyang magtatanim ng tabako at ang mag-aani nito. <u>Kasamaang dulot</u> • Hindi na nababayaran ng tama ang mga magsasakang Pilipino. • Umabuso ang mga kolektor na Espanyol sa kanilang kapangyarihan	

Sanggunian

DepEd-RO8, *TG Araling Panlipunan*, 2016

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M., and Jose, Mary Dorothy dL.,
Pilipinas Bilang Isang Bansa, Vibal Group, 2016

Guerra, Restituta San Pedro, Ed.D., *Ang Bayan Kong Mahal*, Abiva Publishing
House, Inc., 1999

Palu-ay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayang Pilipino*, LG&M, 2006

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqaad@deped.gov.ph * blr.lrp@deped.gov.ph